

EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

Yunit 4

Modyul Blg. 19

Upang Kakayahan ay Mapaunlad

I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Jennifer Rosales, Lydia de Vega, Lea Salonga, Regine Velasquez at marami pang mga kilalang tao sa iba't ibang larangan. Alam mo ba kung ano ang mga katangiang magkakatulad sila?

Sila ang halimbawa ng mga taong pinaunlad ang talinong kaloob sa kanila ng Diyos- talino at kasanayang pinanday ng mahabang panahong pagsasanay at pagpapaunlad.

Ikaw, ano ang talinong taglay mo? Pinaunlad mo ba ito? Masasabi mo bang ginagamit mo ito sa pagpapabuti ng iyong kalagayan at ng kalagayan ng iba?

Marami ka pang matututuhan sa paksang ito sa iyong pagtunghay sa mga gawaing inihanda sa modyul na ito. Inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman at pagpapahalaga:

Nakababalangkas ng mga paraan ng pagpapaunlad ng kakayahan o aptitude tungo sa kagalingan sa paggawa (L.C 4.6)

- A. Natutukoy ang mga kakayahang taglay
- B. Nakababalangkas ng mga paraan kung paano mapauunlad ang mga talino at kakayahang taglay
- C. Nasusuri ang mga pagpapahalagang dapat linangin kaakibat ng pagpapaunlad ng sariling kakayahan

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

II. Handa Ka Na Ba?

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Si Isabel ay kasalukuyang nagsasanay (*on the job training*) bilang sekretarya sa isang opisina sa Quezon City. Dalawang buwan siyang kinakailangang magsanay upang matutuhan ang aktwal na gawain. Sa unang linggo ng kanyang pamamalagi dito, iba't ibang gawi sa pagtatrabaho ang kanyang nakita. Paano makatutulong ang karanasang ito sa pagpapaunlad ng kakayahan ni Isabel?
 - a. Matututo siyang makisama sa kanyang mga kasamahan
 - b. Makikita niya ang kanyang kaibahan sa ibang empleyado
 - c. Matututo siyang gumamit ng computer sa opisina
 - d. Makakapulot siya ng magagandang pamamaraan sa pagtatrabaho.
2. Ang pagkakaroon ng bukas na isipan sa pagtanggap ng *constructive criticism* ay mahalaga sapagkat:
 - a. iniawasan nito ang alitan sa pagitan ng mga magkakatrabaho.
 - b. Iminumulat nito ang aking sarili na marami pa akong hindi alam sa buhay.
 - c. Nagkakaroon ako ng kaalaman sa mga dapat ko pang paunlarin.
 - d. Tinuturuan ako nito na maging mahinahon.

3. Ang teorya ukol sa *Multiple Intelligences* ay nagpapatunay na ang bawat tao ay:
 - a. may iba't ibang talinong taglay
 - b. may kalakasan at kahinaan
 - c. may kakayahang matuto
 - d. may kalayaan at dignidad

4. Mahalagang tuklasin at paunlarin ang kakayahan sapagkat may tuwiran itong kaugnayan sa:
 - a. resulta ng anumang gawaing isasakatuparan
 - b. kursong pag-aaralan sa kolehiyo
 - c. pagkakamit ng tagumpay sa hinaharap
 - d. antas ng pakikipagkapwa

5. Ang paglahok sa mga *training* at *seminar* ay mahalaga sapagkat:
 - a. magkakaroon ka ng mga bagong kakilala
 - b. makapakinig ka ng mga mahuhusay na *speakers*.
 - c. madadagdagan ang iyong kaalaman.
 - d. makapupunta ka sa iba't-ibang lugar

III. Tuklasin Mo Gawain Blg. 1

Tignan mong mabuti ang talaan ng iba't ibang kakayahan. Piliin kung alin sa mga ito ang taglay mo at lagyan ng tsek ang angkop na bilang sa ikalawang kolum. Ipaliwanag ang sagot mo sa ikatlong kolum. Gamitin mong gabay ang halimbawa.

Uri ng Kakayahan	Taglay ko	Patunay
1. Verbal o linguistic	Hal.	May kakayahan ako sa pakikipagtalastasan, pasalita man o pasulat
2. Musical		
3. Bodily- kinesthetic		
4. Mathematical		
5. Logical-analytical		
6. Interpersonal		

Uri ng Kakayahan	Taglay ko	Patunay
7. Intrapersonal		
8. Visual-spatial		
9. Naturalist		

Multiple Intelligences Survey (Isinalin sa Filipino)
Halaw mula kay Walter McKenzie, 1999 *Surfaquarium Consulting*

Panuto: Unawaing mabuti ang bawat pangungusap bago isulat ang bilang na naglalarawan sa iyong sarili. Maging tapat sa iyong sagot sa bawat bilang. Huwag kang mahihiya kung *Hindi (0)* o *Bihira (1)* ang sagot mo sa ilang bilang.

Unang Bahagi. Sagutan ang mga sumusunod na aytem ayon sa kaangkupan nito sa iyo. Isulat ang bilang ng kaukulang pagpipilian.

4- Palagi 3- Madalas 2- Paminsan-minsan 1- Bihira 0-Hindi

- 1. Pinananatili kong malinis at maayos ang aking mga gamit.
- 2. Nasisiyahan akong magbasa ng iba't ibang babasahin.
- 3. Nakabubuo ako ng ideya sa pamamagitan ng isip.
- 4. Madali akong makasunod sa *patterns*.
- 5. Nasisiyahan akong gumawa ng mga bagay sa pamamagitan ng aking mga kamay.
- 6. Natututo ako nang lubos kapag nakikipag-ugnayan ako sa iba.
- 7. May kamalayan ako sa aking mga paniniwalang moral.
- 8. Nasisiyahan akong pagsama-samahin ang mga bagay batay sa kanilang pagkakatulad.
- 9. Malaki ang naitutulong sa akin kung ang mga panuto ay isa-isang ipinaliliwanag.

Sagutan ang mga sumusunod na aytem ayon sa kaangkupan nito sa iyo. Isulat ang bilang ng kaukulang pagpipilian.

4- Palagi 3- Madalas 2- Paminsan-minsan 1- Bihira 0-Hindi

- 10. Malaki ang naitutulong sa aking memorya at pang-unawa kung inililista ang mahahalagang bagay.
- 11. Nasisiyahan akong mag-ayos ng silid.
- 12. Nabibigyang-pansin ko ang tunog at ingay.
- 13. Mahirap para sa akin ang umupo nang pirmi sa loob ng mahabang oras.
- 14. Mas masaya kapag higit na marami.
- 15. Higit na natututo ako kapag malapit sa aking damdamin ang isang asignatura.
- 16. Mahalaga sa akin ang mga isyung ekolohikal/pangkapaligiran.
- 17. Madali para sa akin ang lumutas ng mga suliranin.
- 18. Nakikipag-ugnayan ako sa aking mga kaibigan sa pamamagitan ng sulat at *e-mail*.
- 19. Nasisiyahan akong gumamit ng iba't ibang uri ng pamamaraang pansining.
- 20. Madali para sa akin ang sumunod sa tiyempo.
- 21. Gusto ko ang mga larong panlabas (*outdoor games*).
- 22. Higit na marami akong natututuhan sa pangkatang pag-aaral.
- 23. Ang pagiging patas(fair) ay mahalaga para sa akin.
- 24. Ang *hiking* at *camping* ay kasiya-siyang gawain.
- 25. Madali akong mainis sa mga taong walang kaayusan at sistema.
- 26. Madali para sa akin na ipaliwanag ang aking mga ideya sa ibang tao.

Sagutan ang mga sumusunod na aytem ayon sa kaangkupan nito sa iyo. Isulat ang bilang ng kaukulang pagpipilian.

4- Palagi 3- Madalas 2- Paminsan-minsan 1- Bihira 0-Hindi

- 27. Higit na madali akong makaalala kapag gamit ang *graphic organizer*.
- 28. Interesado ako sa pagtugtog ng mga instrumento.
- 29. Mahalaga para sa akin ang mga di-pasalitang anyo ng pakikipagtalastasan tulad ng *sign language*.
- 30. Natutuwa ako sa mga *chat room*.
- 31. Ang aking saloobin ay nakaaapekto sa aking pag-aaral.
- 32. Naniniwala akong mahalagang pangalagaan ang mga *national parks*.
- 33. Kaya kong magkuwenta sa pamamagitan ng isip lamang.
- 34. Mayroon akong talaarawan.
- 35. Ang sining ng pagtatanghal ay kasiya-siya.
- 36. Ang ritmo ng panitikan ay nakatatawag-pansin sa akin.
- 37. Ang malusog na katawan ay mahalaga para sa malusog na isip.
- 38. Mahalaga ang pakikilahok sa pulitika.
- 39. Nakababahala sa akin ang mga isyung may kinalaman sa katarungang panlipunan.
- 40. Para sa akin, mahalaga ang pagsasaayos ng mga bagay ayon sa kanilang pagkakasunud-sunod.
- 41. Natutuwa ako sa mga *brain teaser* na nangangailangan ng pangangatwiran.
- 42. Ang mga *word puzzle* gaya ng palaisipan ay nakatutuwa.
- 43. Ang malalapad na sulatang papel ay mabuting sulatan ng mga *chart, graph at table*.

Sagutan ang mga sumusunod na aytem ayon sa kaangkupan nito sa iyo. Isulat ang bilang ng kaukulang pagpipilian.

4- Palagi 3- Madalas 2- Paminsan-minsan 1- Bihira 0-Hindi

44. Natatandaan ko ang mga bagay kapag nilalagyan ko ito ng ritmo.
45. Ang sining at paggawa ng *crafts* ay nakalilibang sa pagpapalipas ng oras.
46. Nakasisiya ang mga *talk show* sa radyo at telebisyon.
47. Ang paggawa nang nag-iisa ay produktibo rin tulad ng pangkatang gawain.
48. Mahalaga sa buhay ko ang mga hayop.
49. Hindi ako makapagsisimulang gumawa ng takdang-aralin hangga't hindi nasasagot ang aking mga tanong.
50. Nasisiyahan akong gumawa ng sulat.
51. Nagdudulot sa akin nang labis na kasiyahan ang mga *three-dimensional puzzle*.
52. Mahirap mag-*concentrate* habang nanonood ng telebisyon o nakikinig ng radyo.
53. Ang pagpapahayag sa pamamagitan ng sayaw ay magandang gawain.
54. Ako ay *team player*.
55. Mahalagang malaman ko kung bakit kailangan kong gawin ang isang bagay bago ko ito gawin.
56. May pamamaraan ng pagre-*recycle* sa aming bahay.
57. Nakatutulong sa akin ang pagpapalano upang magtagumpay sa isang gawain.
58. Nasisiyahan akong maglaro ng mga salita tulad ng sa *puns*, *anagrams* at *spooneerisms*.
59. Ang mga *music video* ay nakapupukaw ng isip.

Sagutan ang mga sumusunod na aytem ayon sa kaangkupan nito sa iyo. Isulat ang bilang ng kaukulang pagpipilian.

4- Palagi 3- Madalas 2- Paminsan-minsan 1- Bihira 0-Hindi

60. Nasisiyahan akong pakinggan ang iba't ibang uri ng musika.
61. Nais kong magtrabaho na gamit ang iba't ibang kasangkapan.
62. Hindi ko nais magtrabaho nang nag-iisa.
63. Kapag naniniwala ako sa isang bagay, ibinibigay ko nang buong-buo ang aking isip at lakas.
64. Nasisiyahan akong mag-aral ng *Biology, Botany* at *Zoology*.
65. Kasiya-siya para sa akin ang magtrabaho gamit ang *computer*.
66. Interesado akong matutuhan ang mga dayuhang salita.
67. Naaalala ko ang mga bagay kung ilalarawan ko ito sa aking isip.
68. Ang mga *musical* ay higit na nakagaganyak kaysa mga *drama*.
69. Aktibo ang aking pamamaraan ng pamumuhay.
70. Masaya ang paglahok sa mga gawang *extra-curricular*.
71. Nais kong makilahok sa mga gawaing tumutulong sa kapwa.
72. Mahabang oras ang ginugugol ko sa labas ng bahay.
73. Kailangang may kabuluhan ang isang bagay o gawain upang makatamo ako ng kasiyahan dito.
74. Nais kong makilahok sa mga debate at pagsasalita sa harap ng publiko.
75. Mahusay akong bumasa ng mga mapa at plano.
76. Madali para sa akin na makaalaala ng titik o liriko ng awitin.
77. Higit akong natututo kung ako mismo ang gagawa.
78. Binibigyang-pansin ko ang mga isyung panlipunan.

79. Handa akong magprotesta o pumirma ng petisyon upang iwasto ang isang kamalian.


80. Nasisiyahan akong magtrabaho sa halamanan.

Ikalawang bahagi. Ngayon, ilipat mo ang iyong mga sagot sa angkop na kahon sa ibaba.

L-M	1	9	17	25	33	41	49	57	65	73	
Ling	2	10	18	26	34	42	50	58	66	74	
Spa	3	11	19	27	35	43	51	59	67	75	
Mus	4	12	20	28	36	44	52	60	68	76	
B-K	5	13	21	29	37	45	53	61	69	77	
Inter	6	14	22	30	38	46	54	62	70	78	
Intra	7	15	23	31	39	47	55	63	71	79	
Nat	8	16	24	32	40	48	56	64	72	80	

Pagkatapos nito ay sumahin ang kabuuang bilang ng iyong sagot sa bawat hanay at isulat sa espasyo sa dulo. Halimbawa. L-M $2 + 3 + 2 + 3 + 3 + 2 + 3 + 2 + 4 + 2 = 26$

Ikatlong Bahagi. Ilagay mo ngayon ang kabuuang bilang na nakuha mo sa bawat kategorya sa *bar graph* sa ibaba.



Sagutin Mo

1. Anu-ano ang iyong nangibabaw na talino o kakayahan ayon sa Multiple Intelligences Survey?
2. Napatunayan ba ng survey ang dati mong taglay na kakayahan? Ipaliwanag.
3. Kailangan ba sa kursong kukunin mo sa kolehiyo ang mga kakayahan mong lumabas sa survey?
4. Nasiyahan ka ba sa iyong natuklasan? Ipaliwanag.
5. Bakit mahalagang alam mo ang taglay mong talino at kakayahan?


Gawain Blg. 2

Sa unang gawain, itinala mo ang mga kakayahang iyong taglay. Ngayon naman ay gagawa ka ng balangkas kung paano mo pauunlarin ang iba't ibang talino at kakayahang maaaring taglay mo. Isulat mo ang iyong sagot sa kauukulang espasyo sa tapat ng bawat larawan.



Naturalist: (Talino sa kalikasan)

Halimbawa: Pagkakaroon ng angking husay sa paghahalaman (mga taong tinatawag na may *green thumb*)




Visual- Spatial




Mathematical



Bodily-Kinesthetic



Logical-analytical



Musical



Verbal o Linguistic



Intrapersonal

Interpersonal




Sagutin Mo

1. Bakit mahalagang paunlarin ng tao ang mga kakayahang taglay niya?
2. Paano ito makatutulong sa pagpapaangat ng kanyang antas ng pamumuhay?
3. Paano makatutulong sa kapwa ang pagpapaunlad mo ng iyong talino at kakayahan? Ipaliwanag
4. Naghanda ka na ba para sa kursong kukunin mo sa kolehiyo o trabahong papasukan mo? Patunayan.

IV. Ano Ang Iyong Natutuhan?

Marahil, kahit paano'y naging malinaw sa iyo kung bakit kinakailangang paunlarin ang talino at kakayahang taglay mo. Sa tulong ng mga gabay na salita sa loob ng kahon, isulat mo ang mahalagang konseptong iyong natutuhan sa araling ito.



Konsepto: _____

Kung may iba ka pang natuklasan na konsepto sa modyul na ito, isulat mo ang mga ito sa iyong kuwaderno.

V. Pagpapatibay

Mga pagpapahalagang makatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahan

Isang mahalagang salik sa pagkakamit ng pag-unlad ang paglinang ng kahusayan sa paggawa. Kahusayan na makakamit lamang kung ang bawat isa ay mulat sa katotohanang mahalagang tuklasin at paunlarin ang talino at kakayahang angkin.

Lahat ay pinagkalooban ng Diyos ng talino, iba't iba nga lamang. Ang pagkakaibang ito ang nagbibigay sa atin ng pagkakataong patingkarin ang ating kakanyahan at natatanging talino.

Ngunit hindi lahat ng tao ay nagpapahalaga sa mga handog na ito. Sa halip na paunlarin ang mga ito, hinahayan na lamang nila itong manatiling potensyal; kaya't ang paggawa ay nagsisilbing pabigat sa kanila. Nagiging pabigat ito dahil ang talino nila at kakayahan ay ayaw gamitin sa paggawa o anumang makabuluhang paraan.

Sa pagpapaunlad ng mga ito, mahalagang taglayin ng isang tao ang mga pagpapahalagang makatutulong sa pagsasagawa niya ng layuning ito. Halimbawa, kung sasanayin mo ang iyong sarili sa kaayusan at kalinisan sa trabaho, hindi magiging mahirap sa iyo kung maging mataas ang pamantayang ibigay ng iyong amo. Hindi ka na maninibago dahil

nakasanayan mo na ang maging maayos. Kung lagi kang nasa takdang oras kumilos, hindi ka mahihirapan kung mahigpit ang iyong opisina sa pagpapatupad ng *timeliness* sa pagsusumite ng mga natapos na gawain

Isang magandang halimbawa ang buhay ng Papa Juan Paulo II. Noong kanyang kabataan ay mahilig siya sa teatro. Mahusay din siya sa pagsulat. Bagaman hindi naging artista o propesyonal na manunulat, nagamit at napaunlad niya ang talinong ito nang siya ay maging Papa ng Simabahang Romano Katoliko. Ang kaalaman niya at hilig sa teatro ang naging daan upang pahalagahan niya ang paggamit ng media bilang instrumento ng paglalapit ng simbahan sa mga mananampalataya. Ang talino niya sa pagsulat ay ginamit niya sa paggawa ng mga aklat at encyclical na nagsulong sa mga paniniwala ng Simbahan.

Nararapat rin na ikaw ay matiyaga at laging handang matuto. Marami kang matututuhan sa pagmamasid sa mga taong mahusay magtrabaho. Hindi lahat ng bagay ay matututuhan mo sa pagbabasa ng aklat. May mga pamamaraan sa pagsasagawa ng gawin na matututuhan mo lamang kung aktwal mong gagawin ang trabaho o sa pakikinig sa karanasan ng iba. Mahalaga rin na bukas ang iyong isipan sa mga bagay na maaari mong matutuhan. Nararapat na handa kang tanggapin ang puna ng iba kung ito'y makatutulong sa pagpapabuti ng iyong kakayahan at kasanayan.

Minsan lamang tayo daraanan sa daigdig na ito, sabi nga ng isang awitin, kaya't mahalagang pagbutihin na natin at gamitin ang talinong taglay para sa pag-unlad natin at ng ating kapwa tungo sa ikapagkakamit ng kabutihang panlahat.

VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

May kasabihan sa wikang Ingles na “ *What you are is God’s gift to you, what you make of your self is your gift to God.*” Nangangahulugan itong nasa kamay na natin kung paano gagamitin ang mga talinong kaloob ng Diyos sa atin. Kung paano natin ito pauunlarin tungo sa pagkakamit ng kahusayan sa paggawa ang magsisilbing handog natin sa Diyos.

Bilang isang kabataan, paano ka makatutulong sa pagkakamit ng kahusayan sa paggawa sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga talino at kakayahang angkin mo? Isulat mo ang mga balangkas ng iyong gagawin sa mga nakalaang espasyo.

Kagalingan o kahusayan sa paggawa



VII. Gaano Ka Natuto?

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Si Isabel ay kasalukuyang nagsasanay (*on the job training*) bilang sekretarya sa isang opisina sa Quezon City. Dalawang buwan siyang kinakailangang magsanay upang matutuhan ang aktwal na gawain. Sa unang linggo ng kanyang pamamalagi dito, iba't ibang gawi sa pagtatrabaho ang kanyang nakita. Paano makatutulong ang karanasang ito sa pagpapaunlad ng kakayahan ni Isabel?
 - a. Matututo siyang makisama sa kanyang mga kasamahan
 - b. Makikita niya ang kanyang kaibahan sa ibang empleyado
 - c. Matututo siyang gumamit ng computer sa opisina
 - d. Makakapulot siya ng magagandang pamamaraan sa pagtatrabaho.

2. Ang pagkakaroon ng bukas na isipan sa pagtanggap ng *constructive criticism* ay mahalaga sapagkat:
 - a. iniiwasan nito ang alitan sa pagitan ng mga magkakatrabaho.
 - b. Iminumulat nito ang aking sarili na marami pa akong hindi alam sa buhay.
 - c. Nagkakaroon ako ng kaalaman sa mga dapat ko pang paunlarin.
 - d. Tinuturuan ako nito na maging mahinahon.

3. Ang teorya ukol sa *Multiple Intelligences* ay nagpapatunay na ang bawat tao ay:
 - a. may iba't ibang talinong taglay
 - b. may kalakasan at kahinaan
 - c. may kakayahang matuto
 - d. may kalayaan at dignidad

4. Mahalagang tuklasin at paunlarin ang kakayahan sapagkat may tuwiran itong kaugnayan sa:
 - a. resulta ng anumang gawaing isasakatuparan
 - b. kursong pag-aaralan sa kolehiyo
 - c. pagkakamit ng tagumpay sa hinaharap
 - d. antas ng pakikipagkapwa

5. Ang paglahok sa mga *training* at *seminar* ay mahalaga sapagkat:
 - a. magkakaroon ka ng mga bagong kakilala
 - b. makapakinig ka ng mga mahuhusay na *speakers*.
 - c. madadagdagan ang iyong kaalaman.
 - d. makapupunta ka sa iba't ibang lugar

VIII. Mga Sanggunian

Esteban, Esther J. (1990). *Education in Values. What, Why & for Whom*. Manila: Sinag-Tala Publishers.

Moga, Michael D. (1995). *What Makes Man Truly Human*. Makati: St. Pauls.

Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?/ Gaano Ka Natuto

1. d
2. c
3. a
4. a
5. c